Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

# Ang bandang *The General Strike*: Obra ng awit tungong pagkamulat sa adhikain ng Pambansang Demokrasya

Maria Margarita M. Baguisi
*De La Salle University*
*maria_margarita_baguisi@dlsu.edu.ph*

**Abstrak:** Ibinabahagi ng bandang The General Strike, ang mga makabuluhang awit patungkol sa kinalalagyan ng mga pangkaraniwang 'tao' sa konteksto ng lipunang Pilipino ng ika-21 siglo. Bilang mga "cultural activists" hinahangad ng banda ang malikhaing pagbuklod ng pangkasalukuyang realidad ng mga Pilipinong itinuturing 'walang tinig' sa loob ng panlipunang sistemang mapang-api sa pamamagitan ng awit. Inimumungkahi sa pag-aaral na isang paraan ito upang pukawin ang kamalayang progresibo sa mga tagapakinig habang nabibigyang-diin ang halaga ng awit upang mabunyag ang mga panlipunang katotohanan batay nilalaman nitong mensahe. Sa pamamagitan ng pagsusuring tekstwal ng mga piling awit ng banda, natunton ng pag-aaral ang retoriko sa likod ng mga awit at ang pulitikal na oryentasyon na ibinabahagi ng banda. Natukoy ng pag-aaral ang mga sumusunod: ang pagbibigay halaga sa historicismo ng isang partikular na kaganapan sa kasaysayan, ang paggamit sa awit at ang karagdagang paglikha ng makabuluhang liriko upang mag-udyok ng panlipunang pagbabago, at ang panawagan upang makipagisa sa adhikain ng kilusang patungong Pambansang Demokrasya para sa bansa.

**Susing salita:** awit; Pambansang Demokrasya; cultural activism; The General Strike

Since their formation in 2015, a band of progressive cultural artists named, The General Strike, has been continuously putting their efforts in 'giving a voice' to the masses by sharing songs that underscore their struggles in the 21st century. Considering themselves as "cultural activists" the band has been motivated to portray the everyday realities of the masses within an exploitative, capitalist system of Philippine society through lyric and melody. This paper suggests that the rhetorical devices such as the songs of the General Strike are used to highlight the social conditions of Philippine Society in the context of a Marxist framework. By using a textual analysis of the lyrics, the study was able to assess the political orientation of the band and how they culturally advance their stand as part of a wider movement of

progressives. This study was able to determine the following: the importance and usage of historicism in songs, songs as devices of persuasion, and the appeal to unite the Filipinos in realizing what the National Democratic Movement strives to attain.

**Keywords**: song, National Democracy, cultural activism, The General Strike

# 1. PANIMULA

Layunin ng pag-aaral na ito suriin ang mga piling awit ng bandang The General Strike. Mula sa pag-aaral, natunton ang layunin ng banda na ipahayag ang halaga ng pagkakaroon ng kamalayang progresibo sa pamamagitan ng awit bilang isang ambag sa pagsuporta ng isang ideolohiya o pakikiisa sa isang kilusang panlipunan. Mayroong kakulangan sa mga pag-aaral na tumutuon sa tungkulin at ambag ng aktibismo sa anyo ng awit sa ika-21 siglo. Ang primaryang paggamit ng mga nasabing uri ng awit ay mapukaw ang damdamin at kaisipan ng madla ukol sa pagkakaroon ng sosyo-pulitikal na kamalayan at sa gayon matulay ang mensahe ng hinahangad na pagbabago para sa lipunan batay sa makaliwang perspektiba.

Ang aktibismo sa anyo ng awit ay maaaring tignan bilang 'awit ng panghikayat' dahil ninanais nitong "magbunyag ng isang kaisipan, konsepto, at ideolohiya sa mga tagapakinig sa pamamagitan ng istruktura ng awit" (Denisoff, 1968, p.229). Dagdag rin sa pag-aaral ni Denisoff na ang pangunahing tungkulin at hangarin ng mga nasabing awit ay ang mga sumusunod:

(a) "upang mapukaw ang suporta o damdamin sa isang kilusang panlipunan;
(b) mapatatag ang sistema ng paniniwala ng mga tagapagsuporta ng isang kilusang panlipunan o ideolohiya,
(c) buoin ang pagkakaisa ng isang organisasyon o kilusan sa pamamagitan ng pagsuporta sa ideolohiya ng tagapagawit o banda,
(d) maibahagi ang isang abstrak na realidad upang mapukaw ang kamalayan ng lipunan sa pangkasalukuyang mga katotoohanan;
(e) at mabigyang-diin ang mga panlipunang sitwasyon kung saan naiimumungkahi ang deskontento." (p.229 – 230).

Sa pag-aaral na ito, ang mga awit ng bandang, The General Strike, ay kinabibilangan ang kategoryang, "Rhetorical Song" na mayroon pakahulugang, "isang awit na inilikha upang mabahagi at mailarawan ang isang sitwasyon o kondisyon ngunit hindi mahigpit na tinatangkang mabigyan ng solusyon sa pamamagitan ng pagsunod sa isang ideolohoya o ang pakikisama sa partikular na kilusan." (p. 230 – 231). Mahalaga ang awit bilang tagapagbuklod ng kasaysayan, ayon kay Reed, "ang musika ay nagbibigay kamalayan hinggil sa kasaysayan sa isang kilusan upang magkaroon ng lugar ang historicismo." (Reed, 2005, p. 14).

Sa kontemporaryong panahon, sumiklab ang malikhaing pamamaraan ng pagpapahayag ng aktibismo sa pamamagitan ng sining tulad ng mga tula, dibuho, teatro, awit, at iba pa mula sa (1) 1965 – 1986; o sa panahon ng administrasyon ng dating pangulo na si Ferdinand Marcos; at (2) 1986 – 2001; o ang panahon ng dalawang rebolusyon sa EDSA. Kinakatawan mula sa mga tiniyak na panahon, ang malakihang pagkilos ng lipunan upang makamit ang demokrasya laban sa pamahalaang marahas at mapang-abuso sa pamamagitan ng paggamit ng

iba't ibang anyo ng sining. Naging malaki ang ambag at tungkulin ng sining bilang ekspresyon ng pagkakaisa ng bayan at ang nagsilbing puwersa ito upang mapagtanggol ang kalayaan ng bayan sa pamamagitan ng pagkalap ng suporta at pakikiisa ng mga mamamayan sa nasabing layunin. Batay sa nagawang maikling pagpapanahon, matutunton ang umiiral na tradisyon ng sining bilang pamamaraan upang makamit ang mga pagbabago sa lipunan. Sa ika-21 siglo ipinapatuloy ng The General Strike, ang maningning na kasaysayang ito sa pamamagitan ng pag-ugnay ng aktibismo at sining (awit).

## 2. KAHALAGAHAN NG PAG-AARL

Ang layunin ng papel na ito ay matunton ang mga naging pakahulugan ng mga liriko mula sa mga awit ng The General Strike sa konteksto ng kasaysayan at lipunan, sa pamamagitan ng pagsusuring tekstwal. Ang mga datos na susuriin sa pag-aaral ay ang mga piling awit ng bandang The General Strike. Ang unang kanta ay pinamagatang, "Pugon" na pumapatungkol sa pagkamatay ng 74 na empleado ng isang pabrika sa Valenzuela dulo't ng hindi makataong kondisyon ng mga trabahador sa nasabing pabrika. Ang ikalawang awit ay pinamagatang, "Hacienda" na isang pagpupugay sa mga magsasakang martir ng Hacienda Luisita kung saan ibinabahagi ng awit ang pag-gunita sa mga 'massacre' na naganap sa nasabing lupain. Ang ikatlong awit ay pinamagatang, "Lakbayan" na nagsasalaysay ng pagpupunyagi ng mga katutubong Pilipino upang magprotesta sa pamahalaan hinggil sa lubhang karahasan at diskriminasyon ng 'marginalized sectors' ng lipunan. Ang analisis sa pag-aaral na ito ay ginagabayan ng mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang mga pangyayaring pangkasaysayan ang inilahad ng mga awit na sumasalamin sa kasalukuyang lipunan ng mga mang-aawit?
2. Paano ipinakahuluganan at naipahayag ang mga kaisipan, saloobin, karanasan, at gunita ng pangkaraniwang 'tao' sa pamamagitan ng awit sa konteksto ng pagtutulay ng aktibismo ng banda sa pampublikong bahagi ng lipunan?
3. Sa anong paraan natugon ng musika ang kakulangan sa progresibong kamalayan ng publiko?
4. Anu-ano ang mga naging pagbabago o hindi pagbabago hinggil sa aktibismo sa anyo ng awit sa konteksto ng ika-21 siglo?

## 3. METODOLOHIYA

Ang bawat taludtod mula sa mga piling awit ng The General Strike ay sinuri upang mabigyang interpretasyon ang liriko ng mga awit na tinataglay ang makabuluhang mensahe. Higit pa sa pagsusuring tekstwal, ginamit din ng 'rhetorical criticism' kung saan maaaring masuri ang sitwasyon o konteksto ng mekanismong pang-retoriko tulad ng pampublikong mensahe, talumpati, awit, at iba pa upang matiyak ang mga symbolism at adhikain ng kinababatayang akda. Natunton ang inimumungkahing mensahe na nais ibahagi ng banda at ang uri ng kanilang aktibismo na nagsisilbing pagtugon para sa pagkakaisa ng kinabibilangang ideolohiya. Isinagawa ang isang panayam kay Michael Beltran, miyembro at tambulero ng The General Strike upang makalap ang karagdagang impormasyon at detalye hinggil sa banda.

## 4. THE GENERAL STRIKE

Ang bandang The General Strike ay binubuo ng anim (6) na miyembro: Neil Ambion, 31, lead guitar, Lyceum University; Michael Beltran, 29, drums, UP Manila; Mark Lim, 33, bass, Montessori; Mary Christine Sacay, 21, vocals, UP Diliman; Benedict David, 24, rhythm guitars, Masbate State University at; Federico Dominguez, 63, harmonica, UP Diliman. Kabilang ang The General Strike sa tinaguriang, Concerned Artists of the Philippines, isang asosasyon ng mga progresibong artista sa Pilipinas. Kinikilala bilang mga "cultural activists", ang layuning lumikha ng makabuluhang awit at musika na angkop sa direksyon ng kinabibilangan at sinusuportahang kilusan tungong Pambansang Demokrasya ang dahilan upang mabuo ang banda noong 2015. Malalim at makabuluhan ang pangalan ng banda, ayon kay Beltran, ang tambulero ng banda, *"The summation of this [band] along with other oppressed peoples is a little bit like signifying a general strike. Or the entire summation of people coming together to paralyze an exploitative system."* (Beltran, 2019). Sa higit limang taon ng pagbabanda, ang pakay ng The General Strike ay makapag-ambag sa paglikha ng progresibong kultura na angkop sa pangkasalukuyang lipunan, "*We want to leave a mark for the development of progressive cultural work and in the process, expose the grim realities of our time."* (Beltran, 2019). Itinuturing sining makabuluhan ang anumang malikhaing paraan ng pagsasaad o pag-udyok sa madla ang pagkakaroon ng kamalayang progresibo hinggil sa lipunan. Nais tugonan ng The General Strike ang pangangailangan ng pagkakaisa ng taong-bayan upang labanan ang mga pangkasalukuyang mapang-aping sistemang kapitalista na ginagalawan ng mga mamamayang Pilipino. Layunin ng banda pukawin at makapag-udyok ng pagbabago sa pamamagitan ng awitin, at ang kumalap ng suporta mula sa taong-bayan tungong inilalayon na adhika para sa Pambansang Demokrasya.

## 5. DATOS

Ang mga awit ay sumailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng kritisismong tekstwal/retorikal at batay rito, nadatnan ang 'makaliwang' oryentasyon at ideolohiya sa konteksto ng pagsasalamin ng konsepto ng mga panlipunang katotohanan, hangarin para sa kalayaan, at pagkamit ng katarungan ng mga 'taong walang tinig' sa lipunang Pilipino.

**Talahayanan A: Ang mga piling awit ng The General Strike at karagdagang pagsakonteskto ng mga awit**

| **Pamagat** | **"Pugon"** | **"Hacienda"** | **"Lakbayan"** |
|---|---|---|---|
| | Rehas sa bintana<br>Kandado sa pinto<br>Hindi kriminal<br>Pero daig pa ang bilanggo<br><br>Sila'y manggagawa<br>sadyang ipiniit<br>sa hirap at gutom, dusa at sakit<br>hanggang isang araw, malagim ang sinapit<br><br>Naghahanapbuhay<br>Sa hanapbuhay | Ang init ang pawis ang luha<br>Dito sa Hacienda<br><br>Ang lawa ang yaman ang hari<br>Dito sa hacienda<br><br>Dito sa hacienda<br>May libingan sa binubungkal na lupa<br>Dito sa hacienda<br>May tanim ng inaasam na laya | Ako'y maglalakbay<br>Ayoko sanang lumayo<br>Iiwanan ang palay<br>Nagpaalam kay nanay pati kay bunso<br><br>Banta saming buhay<br>Porket nagsabi ng totoo<br>Nagpaliwanag ng lagay<br>At nagsabi ng goodbye sa tatay ko<br><br>Oras nang maningil<br>Tingnan natin ang tapang mo |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Liriko** | sila namatay<br><br>Nagliyab itong kahon<br>Kinulong at binaon<br>Naabo sila doon<br>Sa pabrikang naging<br>Pugon. | Ang pagod ang ani Ang utang<br>Dito sa hacienda<br>Ang upa ang amo ang salot<br>Dito sa hacienda<br><br>Dito sa hacienda<br>May libingan sa binubungkal na lupa<br>Dito sa hacienda<br>May tanim ng inaasam na laya | Wawasakin ang pangil<br>Ng halimaw sa palasyo<br><br>Tuloy ang buong hanay<br>May checkpoint man o bagyo<br>Martsang walang humpay<br>Kahit may harang sa tulay<br>Di mabibigo<br><br>Oras nang maningil<br>Tingnan natin ang tapang mo<br>Wawasakin ang pangil<br>Ng halimaw sa palasyo |
| **Konteksto ng Awit** | Ang pagkamatay ng 74 manggagawa ng tsinelas sa pabrika ng Kentex Manufacturing sa Valenzuela (2015) | Hacienda Luisita Massacre (16 Nobyembre 2004) | Lakbayan ng Pambansang Minorya (2012 – 2017) |

*sariling salin ng may-akda ang mga liriko dahil sa kakulangan sa mga katibayan mula sa banda

## 6. ANALISIS

Ang unang awit na pinamagatang, "Pugon" ay sumasalamin sa naganap na pagkamatay ng 74 na empleado ng Kentex Manufacturing sa Valenzuela noong Mayo 13, 2015. Dahil sa kakulangan ng pagtuon ng midya sa paglalahad ng insidente, ibinuklod sa pamamagitan ng awit ang ikinamatay ng mga empleado ng Kentex Manufacturing sa pamamagitan ng paglarawan sa hindi makataong kondisyon ng mga trabahador ng nasabing pabrika. Malinaw ang nais iparating ng awit sa mga tagapakinig; ang pagpukaw upang dumaloy ang kamalayan hinggil sa estado ng mga manggagawa sa Pilipinas at ang pagtugon sa mga pangangailangan ng 'pangkaraniwang tao' upang matamo ang katarungan at isakatwiran ang maka-taong kondisyon sa trabaho.

Ang ikalawang awit na pinamagatang, "Hacienda" ay naglalahad ng isang salaysay hinggil sa karahasan at pagpaslang ng mga magsasaka ng Hacienda Luisita noong nagkaroon sila ng pagprotesta ng Nobyembre 16, 2004 upang mabigyang-diin ang pagmamalupit sa ilalim ng mga Cojuangco. Inilarawan bilang isang libingan ang nasabing lugar, at ang "tanim" ng pag-asa upang makalaya sa hindi makatarungang kondisyon ng pamumuhay ng mga magsasaka.

Ang ikatlong awit na pinamagatang, "Lakbayan" ay isang pagpupugay ng banda sa mga kinikilalang "lakbay bayani" na binubuo ng mga 'katutubong Pilipino' tulad ng mga Lumad, Moro at iba pang mga etnolinggwistikong grupo na inaadhikang makamit ang katarungan laban sa pagkuha at pagsira ng kanilang 'ancestral lands'. Tumaas ang bilang ng karahasan sa ngalan ng komersyalisasyon ng malalaki at dayuhang kompanyang nais pagsamantalahan ang kanilang mga lupain.

Ang tatlong piling mga awit ng The General Strike ay bunga ng aktibismo ng mga miyembro ng banda na umaayon sa oryentasyong 'makaliwa' bilang pagtugon sa pinaniniwalaang ideolohiya. Nadatnan mula sa mga

awit ang pagmumulat sa mga kondisyon ng mga manggagawa, trabahador, magsasaka, at mga itinuturing 'marginalized sectors' ng lipunan. Ginamit ang mga awit upang magbuklod ng mga salaysay na isang katotohanan sa kasaysayan ng bansa. Mula sa mga awitin, isinasakatwiran ng banda ang sariling pulitikal na oryentasyon (makaliwa), at ang pangangailangan ng lipunan tugonan ang umiiral na karahasan, kahirapan, at pagpapahirap dulo't ng sistemang kapitalista.

## 7. KONKLUSYON

Naunawaan mula sa pag-aaral na ang musika ay nagsisilbing makapangyarihang uri ng pampublikong diskurso. Mahalaga suriin ang retorika sa likod ng musika dahil isang paraan ito upang maunawaan at matutunan ang diwa at ideolohiya na nais maging ekspresyon ng awit. Likas ang kakanyahan ng awit bilang isang anyo ng komunikasyon ang mang-udyok at mang-hikayat batay sa kolektibong mga karanasan ng isang indibidwal o grupo. Marahil sa ika-21 siglo, ang bandang The General Strike ang tagapagtaguyod ng isang uri ng sining na progresibo, makabuluhan, at pulitikal.

Sa pag-aaral na ito nadatnan ang papel ng awit bilang mekanismo ng propaganda. Hinubog ang mga awitin upang maging ganap ang tungkuling ibahagi ang pulitikal na oryentasyon ng banda. Batay sa mga awitin, hinagad ang mabigyang tinig ang mga itinututring 'walang tinig' sa lipunan at kilalanin ang sistemang patuloy na tinutupad ang nasabing uri ng lipunan. Mula rito, aktibong tinutupad ng banda ang pagpapalaganap ng makaliwang perspektiba sa pamamagitan ng kolektibong panawagan na nilalaman ng kanilang mga awitin. Isang paraan ito ng pagmumulat sa madla ang upang matulay ang mga saloobin ng pakikiisa ng mga miyembro ng The General Strike, ang mga kasamahan na tinataglay ang parehong pulitkal na hangarin, at ang mga taong pumapaloob sa mapang-aping kondisyon at karanasan sa pangkasalukuyang panlipunang sistemang ginagalawan. Sa kabuuan, inimumungkahi ng pag-aaral na ang aktibismo sa anyo ng awit tulad ng mga ibinabahagi at inililikha ng bandang, The General Strike, ay nagsasaad ng oryentasyong makaliwa upang mabigyang-diin ang pagtugon sa pangangailangan ng pagkakaisa ng bayan sa pamamagitan ng paglikha ng progresibong sining.

## 8. MGA SANGGUNIAN

Denisoff, R. (1968). Protest Movements: Class Consciousness and the Propaganda Song. *The Sociological Quarterly, 9*(2), 228-247.

Denisoff, R. S. (1970). Protest songs: Those on the top forty and those of the streets. *American Quarterly*, *22*(4), 807-823.

Denisoff, R. S., & Levine, M. H. (1971). The Popular Protest Song: The Case of" Eve of Destruction". *The Public Opinion Quarterly*, *35*(1), 117-122.

Denisoff, R. S., & Peterson, R. A. (Eds.). (1972). *The sounds of social change: Studies in popular culture*. Rand McNally.

Knupp, R. E. (1981). A time for every purpose under heaven: Rhetorical dimensions of protest music. *Southern Journal of Communication*, *46*(4), 377-389.

Maceda, T. G. (2007). Problematizing the popular: the dynamics of Pinoy pop (ular) music and popular protest

music. *Inter-Asia Cultural Studies*, *8*(3), 390-413.

Tarrow, S. (2005). *The new transnational activism*. Cambridge university press.

Tiongson, N. G. (Ed.). (1984). *The Politics of Culture: The Philippine Experience: Proceedings and Anthology of Essays, Poems, Songs, Skits, and Plays of the MAKIISA 1, People's Culture Festival, December 28-30, 1983, Dulaang Raha Sulayman, Fort Santiago, Intramuros, Manila*. Philippine Educational Theater Association.

Hila, A. C. (1989). *Musika: an essay on Philippine music*. Sentrong Pangkultura ng Pilipinas.

Holland, D., Fox, G., & Daro, V. (2008). Social movements and collective identity: A decentered, dialogic view. *Anthropological Quarterly*, 95-126.

Concepcion, D. A. (2015). Musika at Bagong Lipunan: Pagbuo ng Lipunang Filipino, 1972–1986 by Raul Casantusan Navarro. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, *63*(4), 582-585.

Aquino, B. A. (1984). Political Violence in the Philippines: Aftermath of the Aquino Assassination. *Southeast Asian Affairs*, 266-276.

Jäncke, L. (2008). Music, memory and emotion. *Journal of biology*, *7*(6), 21.

Snyder, B., & Snyder, R. (2000). *Music and memory: An introduction*. MIT press.